

## **Magkakatulad na mga Pamamaraan sa Pagdaing**

**Awtorisado ng: *Kodigo ng mga Regulasyon ng California (California Code of Regulations)*, Titulo 5 Mga Seksyon 4600-4687**

**California Department of Education  
1430 N Street  
Sacramento, CA 95814-5901**

## **Binago nang Hulyo 2017**

### **Ano ang isang pagdaing na UCP?**

Ang pagdaing sa ilalim ng Magkakatulad na mga Pamamaraan sa Pagdaing (Uniform Complaint Procedures, UCP) ay isang nakasulat at nilagdaan na pahayag ng isang indibidwal, pampublikong ahensiya, o organisasyon na nagpapatang ng isang paglabag sa mga batas na pang-estado o pampederal na sumasaklaw sa mga programang pang-edukasyon.

### **Ano ang mga ahensiyang saklaw ng UCP?**

Sinasaklaw ng UCP ang mga paratang ng paglabag ng mga lokal na ahensiyang pang-edukasyon (local educational agencies, LEAs) (mga distrito ng paaralan, **at** tanggapan ng edukasyon ng county, at mga charter na paaralan), at mga lokal na pampubliko o pribadong ahensiya na tumatanggap ng direkta o hindi direktang pagpopondo mula sa Estado upang magbigay ng anumang mga programa o gawaing pampaaralan, o kaugnay na mga serbisyo.

### **Anong mga programang pang-edukasyon at serbisyo ang saklaw ng UCP?**

- Edukasyon ng May Sapat na Gulang
- Edukasyon at Kaligtasan Matapos ang Klase
- Bokasyonal na Edukasyon sa Agrikultura
- Mga Sentro ng Edukasyon para sa Amerikanong Indyan at Mga Programang Pagtatasa ng Edukasyon para sa Maagang Pagkabata
- Edukasyon na Pandalawang Wika
- Tulong sa mga Kapareho at mga Programa sa Pag-aaral para sa mga Guro ng California
- Teknikal na Karera at Teknikal na Edukasyon; Teknikal na Karera; Teknikal na Pagsasanay
- Pangkarera at Panteknikal na Edukasyon
- Pangangalaga at Pagsulong ng Bata
- Nutrisyon ng Bata
- Edukasyon na Binabayaran
- Pinagsama-samang Tiyak na Tulong
- Mga Panahon ng Kurso na Walang Nilalaman na Pang-edukasyon
- Tulong sa Epekto ng Ekonomiya
- Edukasyon ng mga Mag-aaral na nasa Pangangalagang Pagkandili, mga Mag-aaral na Walang Tahanan, at mga Dating Mag-aaral ng Korteng Pangkabataan na ngayon ay nakatala sa distrito ng paaralan
- Mga Programa sa mga Mag-aaral ng Ingles

- Batas sa Pagtatagumpay ng Bawat Estudyante (Every Student Succeeds Act)/ Walang Batang Maiiwan (mga Titulo I-VII)
- Mga Plano ng Lokal na Pamamahala at Pananagutan (Local Control and Accountability Plan, LCAP)
- Edukasyon ng Migrante
- Pisikal na Edukasyon: Mga Minuto ng Pagtuturo
- Mga Bayarin ng Mag-aaral
- Makatuwirang Kaluwagan sa Mag-aaral na Nagpapasuso
- Mga Rehiyunal na Sentro at Programa ng Trabaho
- Mga Plano sa Kaligtasan sa Paaralan
- Espesyal na Edukasyon
- Preschool ng Estado
- Edukasyon sa Pagpigil ng Paggamit ng Tabako

### Anong mga isyu ang hindi sakop ng UCP?

Hindi lahat ng reklamo ay mailalagay sa ilalim ng sakop ng UCP. Marami sa mga alalahanin at responsibilidad ng LEA, kabilang ang mga pagtatalaga ng silid-aralan, nilalaman, grado, kinakailangan sa pagtatapos, pagkuha at pagtasa ng kawani, mga patakaran at kasanayan sa araling-pambahay, pagkakaloob ng mga paksa ng nilalaman ng kurikulum, pagsulong o pagpapanatili ng estudyante, disiplina ng estudyante, mga talaan ng estudyante, ang Batas sa Bukas na Pagpupulong na Bagley-Keene, ang Batas sa Brown, at iba pang mga karaniwang kinakailangan sa edukasyon. Subalit, maaaring gamitin ng LEA ang lokal na mga pamamaraan ng pagdaing upang isulong ang mga pagdaing na hindi sakop ng UCP.

Dagdag pa rito, ang sumusunod na mga pagdaing ay isinasangguni sa ibang mga ahensiya para sa angkop na resolusyon at hindi saklaw sa UCP:

Ang mga paratang ng pang-aabuso sa bata ay isinasangguni sa Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan ng County, Sangay ng Mga Serbisyo ng Pagtatanggol o sa angkop na ahensiya ng pagpapatupad ng batas.

Ang mga pagdaing na kaugnay sa kalusugan at kaligtasan ukol sa Programa ng Pagsulong ng Bata ay isinasangguni sa Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan para sa mga lisensyadong pasilidad, at sa angkop na rehiyunal na administrador ng Pagsulong ng Bata para sa mga pasilidad na hindi saklaw ng lisensya.

Ang mga pagdaing tungkol sa trabaho ay ipinapadala sa Kagawaran ng Estado para sa Pantay na Trabaho at Pabahay.

Ang mga paratang ng panlilinlang ay isinasangguni sa responsableng Direktor ng Sangay sa Kagawaran ng Edukasyon ng California (California Department of Education o CDE).

### **Paano ako magsasampa ng reklamo at paano ito ipinoproceso?**

Ang patakaran ng pagdaing at pamamaraan na UCP ng LEA ay nagbibigay ng kinakailangang impormasyon upang magsampa ng lokal na pagdaing. Dapat abisuhan taun-taon ng bawat LEA ang mga estudyante, kawani, magulang/tapag-alaga, komite ng pagpapayo ng paaralan at distrito, angkop na mga pribadong opisyal ng paaralan at iba pang mga partidong may interes ng tungkol sa patakaran at proseso ng pagdaing ng UCP ng LEA at ng oportunidad na umapela sa Pasya ng LEA sa CDE. Dapat na ibigay ng mga LEA ang kanilang patakaran at proseso ng pagdaing nang walang bayad.

### **Ano ang mga responsibilidad ng mga nagsasampa ng pagdaing?**

- Tanggapin at pag-aralan ang mga patakaran at pamamaraan ng pagdaing na UCP mula sa LEA.
- Magsampa ng nakasulat na pagdaing sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hakbang na inilarawan sa pamamaraan ng pagdaing na UCP ng LEA.
- Makipagtulungan sa imbestigasyon at ibigay sa imbestigador ng LEA ang impormasyon at ebidensiya na kaugnay sa mga paratang sa pagdaing.
- Maaaring magsampa ng nakasulat na apela sa CDE sa loob ng 15 araw ng kalendaryo ng pagkatanggap ng pasya ng LEA kung naniniwala ang nagsampa ng pagdaing na mali ang pasya ng LEA.
- Kailangang tukuyin ang batayan ng apela at kung ito ba ay dahil mali ang mga katunayan ng LEA at/o nagamit nang mali ang batas. Naglalaman ang pakete ng apela ng kopya ng orihinal na pagdaing sa LEA at kopya ng pasya ng LEA.
- Kung naangkop, sa loob ng 35 araw ng kalendaryo mula nang matanggap ang pasya o ulat ng CDE, maaaring magsumite ng kahilingan para sa muling pag-aaral ng Tagapamanihala ng Pamublikong Pagtuturo sa CDE. Ipaalam ng pasya o ulat ng CDE sa nagsampa ng pagdaing kung meron itong karapatan na humiling ng muling pag-aaral. Ang kahilingan ng muling pag-aaral ay dapat magtalaga ng (mga) napag-alaman, (mga) konklusyon, o (mga) aksyon ng pagtatama sa pasya o ulat ng CDE kung saan ang muling pag-aaral ay hiniling, at ang mga natukoy na batayan ng kahilingan para sa muling pag-aaral. Ang kahilingan ay dapat magsaad din ng kung ang mga napag-alaman na katunayan ay mali at/o pagkagamit ng batas ay mali.

### **Ano ang mga responsibilidad ng LEA?**

- Siguruhin ang pagsunod sa mga angkop na batas at regulasyon na pampederal at pang-estado.
- Pagtibayin ang mga patakaran at pamamaraan sa pagdaing ng UCP alinsunod sa, *Kodigo ng Regulasyon ng California*, T Titulo 5, Mga Seksyon 4600-4687.
- Magtalaga ng miyembro ng kawani na responsable para sa pagtanggap, pag-iimbestiga at pagresolba ng pagdaing at siguruhin na ang miyembro ng kawani ay may sapat na kaalaman tungkol sa mga batas/programa kung saan siya ay nakatalaga.
- Dapat magbigay sa partido ng nagsasampa ng pagkakataon na magpakita ng impormasyon at/o ebidensiya kaugnay sa pagdaing.
- Protektahan ang mga nagsampa ng pagdaing mula sa paghihiganti.
- Resolbahin ang daing at kumpletuhin ang nakasulat na ulat sa loob ng 60 araw ng pagkatanggap sa pagdaing maliban kung ito ay pinahaba ng nakasulat na pagsang-ayon ng nagsampa ng pagdaing.
- Dapat na magpayo sa nagsampa ng pagdaing sa karapatan na umapela sa pasya ng LEA sa CDE sa loob ng 15 araw ng kalendaryo ng pagkatanggap sa pasya.

### **Ano ang mga responsibilidad ng CDE?**

Inaawtorisahan ng UCP ang CDE na magproseso ng mga apela mula sa pasya ng LEA sa mga pagdaing ng UCP; o, sa ilang mga tukoy na sitwasyon, mamagitan nang direkta at mag-imbestiga ng mga paratang sa pagdaing Ang CDE ay:

- Pinag-aaralan, inoobserbahan, at nagbibigay ng teknikal na tulong sa lahat ng LEA ukol sa pagpapatibay ng mga patakaran at pamamaraan ng pagdaing ng UCP ng namamahalang lupon ng LEA.
- Isinasangguni ang pagdaing sa LEA para sa resolusyon kung naaangkop.
- Isinasaalang-alang ang iba-ibang alternatibo upang maresolba ng pagdaing o apela kung:
  1. Ang nagsampa ng pagdaing ay nagpapatang at napatunayan ng CDE na, sa hindi kasalanan ng nagsampa ng pagdaing, nabigo ang LEA na umakson sa loob ng 60 araw mula nang matanggap ang pagdaing.
  2. Ang nagsampa ng pagdaing ay umapela sa pasya ng LEA kung siya ay naniniwala na ang pasya ay sa katunayan at/o legal na hindi tama.
  3. Kung hilingin ng nagsampa ng pagdaing, aalamin ng CDE kung kailan kinakailangan ng direktang pamamagitan.
- Nag-aatas ng aksyon ng pagtatama sa LEA kung ang mga isyu ng hindi pagsunod ay matukoy habang nag-iimbestiga.
- Magbigay ng pag-oobserba at teknikal na tulong sa mga LEA upang masiguro ang resolusyon ng mga napag-alamang hindi pagsunod.
- Kung naangkop, abisuhan ang mga partido ng karapatan na humiling ng muling pag-aaral sa pasya/ulat ng CDE ng Tagapamanihala ng Pamublikong Pagtuturo sa CDE sa loob ng 35 araw ng pagkatanggap sa pasya/ulat.
- Para sa mga programang pinamamahalaan ng bahagi 76 ng Titulo 34 ng *Kodigo ng Regulasyong Pampederal*, aabisuhan ang mga partido sa karapatan na umapela sa Kalihim ng Edukasyon ng Estados Unidos.

### **Mga Pagdaing na Williams**

Ang pagdaing na Williams ay ukol sa mga materyales sa pagtuturo, mga kondisyon ng mga emerhensiya o kagyat na pasilidad na nagbabadya ng pagbabanta sa kalusugan at kaligtasan ng mga estudyante, at mga bakanteng posisyon ng guro o maling pagtatalaga, at maaaring isampa nang anonimo. Dapat na mayroong mga pormularyo ng pagdaing ang mga LEA para sa ganitong uri ng mga pagdaing, subali't hindi tatanggihan ang pagdaing kung ang hindi ginamit ang pormularyo basta't ang pagdaing ay ipinasa nang nakasulat. Sa ilalim ng mga naaayon na regulasyon, ang isang abiso ay dapat na nakapaskil sa bawat silid-aralan upang ipaalam sa mga magulang at tagapag-alaga ang mga paksang saklaw sa pagdaing na Williams at kung saan makakakuha ng pormularyo upang magsampa ng reklamo.

Ang pagdaing na Williams ay dapat maresolba ng punong-guro ng paaralan o ng tagapamanihala ng distrito o ng kanyang itinalaga. Ang dumadaing na hindi nasiyahan sa resolusyon ay may karapatan na ilarawan ang pagdaing sa namamahalang lupon ng distrito ng paaralan sa regular na nakaiskedyul na pagpupulong ng lupon. Maliban sa mga pagdaing na ukol sa kondisyon ng mga pasilidad na nagbabadya ng emerhensiya o kagyat na banta, walang karapatan upang umapela sa CDE.

Kung ang kaso ay pagdaing ukol sa kondisyon ng pasilidad na nagbabadya ng emerhensiya o kagyat na banta, ang nagsampa ng pagdaing na hindi nasiyahan sa resolusyon ay may karapatan na umapela sa Tagapamanihala ng Pamublikong Pagtuturo sa CDE sa loob ng 15 araw ng pagkatanggap ng pasya ng LEA.

Para sa dagdag na impormasyon sa pagdaing na Williams mangyaring pumunta sa website ng CDE at hanapin ang Mga Pagdaing at Apela na Williams ukol sa mga Pasilidad (Williams Facilities Complaints and Appeals).

### **Karagdagang Impormasyon**

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa angkop na tanggapan na nakalista, o bumisita sa Wep page ng UCP sa <http://www.cde.ca.gov/re/cp/uc/index.asp>.

### **Mga Pakikipag-ugnayan para sa mga Programa at Serbisyong Sakop ng UCP**

Edukasyon para sa May Sapat ng Gulang, *Tanggapan ng Edukasyon para sa May Sapat na Gulang*; 916-322-2175

Edukasyon at Kaligtasan Matapos ang Klase, *Sangay ng Matapos ang Klase*; 916-319-0923

Bokasyonal na Edukasyon sa Agrikultura, *Sangay ng Transisyon sa Trabaho at Kolehiyo*; 916-319-0887

Mga Sentro ng Edukasyon para sa Amerikanong Indyan at Mga Programang Pagtatasa ng Edukasyon para sa Maagang Pagkabata, *Sangay ng Koordinadong Suporta sa Estudyante*; 916-319-0506

Teknikal na Karera at Teknikal na Edukasyon; Teknikal na Karera; Teknikal na Pagsasanay; at Edukasyon sa Teknikal na Karera at Mga Rehiyunal na Sentro at Programa sa Trabaho, *Tanggapan ng Suporta sa Pamumuno at Pagtuturo ng Edukasyon sa Teknikal na Karera (Career Tech Ed, CTE)*; 916-322-5050

Pangangalaga at Pagsulong ng Bata (kabilang ang Preschool ng Estado), *Sangay ng Maagang Edukasyon at Suporta*; 916-322-6233

Nutrisyon ng Bata, *Sangay ng mga Serbisyo sa Nutrisyon*; 800-952-5609

Diskriminasyon, Panliligalig, Pananakot, Pang-aapi, Mga Kaluwagan para sa mga Estudyanteng Nagpapasuso, at mga Mapagkukunang-impormasyon para sa mga Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender, at Questioning (LGBTQ), *Tanggapan ng mga Apela na UCP sa Katarungan sa Edukasyon*; 916-319-8239

Edukasyon ng mga Mag-aaral na nasa Pangangalagang Pagkandili, mga Mag-aaral na Walang Tahanan, at mga Dating Mag-aaral sa Korteng Pangkabataan na ngayon ay nakatala sa distrito ng paaralan, *Tanggapan ng Koordinadong Kalusugan at Kaligtasan sa Paaralan*; 916-319-0914

Mga Plano ng Lokal na Pamamahala at Pananagutan (Local Control and Accountability Plans, LCAPs): Nilalaman o mga Pamamaraan, *Tanggapan ng Suporta sa mga Sistema ng Lokal na Ahensiya*; 916-319-0809; Pananalapi, kabilang ang Tulong sa mga Kapareha at mga Programa sa Pag-aaral ng mga Guro ng California, *Sangay ng mga Serbisyong Pananalapi ng Paaralan*; 916-322-3024

Batas sa Pagtatagumpay ng Bawat Estudyante (Every Student Succeeds Act)/ Walang Batang Maiiwan kabilang ang edukasyon sa pandalawang wika, edukasyon na binabayaran, pinagsama-samang tiyak na tulong, tulong sa epekto ng ekonomiya, mga programa sa mag-

aaral ng Ingles, edukasyon ng migrante, mga plano ng kaligtasan sa paaralan, *Tanggapan ng Pamamahala ng mga Tiyak na Programa at mga Pagdaing (Categorical Programs Complaints Management, CPCM)*; 916-319-0929

Pisikal na Edukasyon: Mga Minuto ng Pagtuturo, Tanggapan ng Agham, Teknolohiya, Pagka-inhenyero, at Matematika (*Science, Technology, Engineering, and Mathematics, STEM*); 916-323-5847

Mga Panahon ng Kurso na Walang Nilalaman, Tanggapan ng Pamamahala ng mga Tiyak na Programa at mga Pagdaing, *Tanggapan ng Pamamahala ng mga Tiyak na Programa at mga Pagdaing (Categorical Programs Complaints Management, CPCM)*; 916-319-0929

Mga Pasilidad ng Paaralan (para sa mga Pagdaing na Williams), *Sangay ng Pagpaplano ng Pasilidad ng Paaralan*; 916-322-2470

Espesyal na Edukasyon, *Yunit ng Pangangalaga ng Pamamaraan at Serbisyo ng Sanggunian*; 800-926-0648

Edukasyon sa Pagpigil ng Paggamit ng Tabako, *Tanggapan ng Koordinadong Kalusugan at Kaligtasan sa Paaralan*; 916-319-0914

Mga Bayarin ng Mag-aaral, *Tanggapan ng Pamamahala ng mga Tiyak na Programa at mga Pagdaing (Categorical Programs Complaints Management, CPCM)*; 916-319-0929

**UCP Brochure Text (CDE 2017)**  
**T17-759 Tagalog, Arial Font**  
**Six pages**

***[TO LEAS: As a form of assistance to schools, the CDE offers this translation free of charge. Because there can be variations in translation, the CDE recommends that LEAs confer with local translators to determine any need for additions or modifications, including the addition of local contact information or local data, or modifications in language to suit local needs. Comments regarding the translation should be directed to the Clearinghouse for Multilingual Documents at [cmd@cde.ca.gov](mailto:cmd@cde.ca.gov).]***

